BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

# PYRIDOXINE (VITAMIN B6)

Ang Pyridoxine ay ibang pangalan para sa Vitamin B6. Ang vitamin B6 ay ginagamit upang maiwasan ang pamamanhid at pangingilig ng mga kamay o paa na paminsan-minsang nangyayari dahil sa Isoniazid o iba pang mga gamot sa TB.

**Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)**

- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

**Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)**

- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.

**Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis?**
**(What should I do if I miss a dose?)**

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Hindi mo kailangang uminom ng dobleng dosis.**

**Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito?**
**(Is there anything I should avoid when taking this?)**

- Sabihin sa iyong doktor at parmasyotiko kung umiinom ka ng anumang ibang mga gamot, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta.

**Ano ang ilan sa posibleng side effects o mga masasamang epekto?**
**(What are some possible side effects?)**

- Kung nakakaranas ka ng hindi umaalis na pamamanhid o pangingilig sa iyong mga kamay o paa kahit nakainom ka na ng Vitamin B6, sabihin sa iyong doktor o nars.
- Sabihin sa iyong doktor o parmasyotiko kung may nararanasan kang sensitivity sa sinag ng araw o kung may pagbabago sa iyong balat at/o pagkilos ng kalamnan.

**Sabihin sa iyong doktor kung may nararanasan kang anumang ‘di-karaniwang sintomas na hindi binanggit sa handout na ito.**

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang malamig at tuyong lugar.
- Protektahan ito mula sa liwanag

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan?**
**(Where do I call if I have any other questions?)**
Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit:________________________________
Vancouver TB Services Clinic: 604-707-2692
New Westminster TB Services Clinic: 604-707-2698
BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: 604-707-2580



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions. Better health.
Accredited · Agréé · CCHSA · CCASS
A research and teaching centre affiliated with UBC

Tagalog